

Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, Taong Panuruan 2020-2021

Grace Harue D. Castillo¹, Baby S. Abagon²

¹(Graduate School, President Ramon Magsaysay State University, Philippines)

²(Graduate School, President Ramon Magsaysay State University, Philippines)

ABSTRACT : Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, Taong Panuruan 2020-2021. Ang Pananaliksik na ito ay gumamit ng Palarawang pamamaraan o descriptive method. Palarawang pamamaraan sapagkat ang mga datos ay inilalahad kung gaano karami o kalaki ang isang bagay at inilalahad din ang resulta sa pamamagitan ng mga bahagdan. Batay sa lagom ng pag-aaral na isinagawa. Ang antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral ayon sa akda at ritmo ay nakakuha ng satisfactory, samantalang ang tugma, sukat, imahen, kaisipang pangkasaysayan, at repleksyon ay nakakuha ng fair. Ang karaniwang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula ayon sa akda, tugma, sukat, imahen, kaisipang pangkasaysayan at repleksyon ay nakakuha ng moderate, samantalang ang ritmo ay easy, sa kabuuan moderate ang kahirapan sa pagsusuri ng tula. Ang kagamitang pagtuturo ng tula na ginagamit ng mga guro ay ang batayang aklat, modyul, at banghay-aralin. May makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pagsusuri ng tula sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Batay sa lagom ng resulta at konklusyon, ang mananaliksik ay nagrekomenda ng mga sumusunod: Bigyan nang sapat na gawain ang mga mag-aaral at magbigay ng mga istratehiya paano kung paano magsuri ng tula. Paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay katuturan sa sa pagsusuri ng tula ayon sa akda, tugma, sukat, imahen, kaisipang pangkasaysayan at repleksyon. Magsagawa ng makabuluhang kagamitang pampagtuturo na makakatulong upang mapaunlad ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Nararapat na magsagawa ng higit na mas malalim na katulad na pag-aaral na magpapakita ng kaugnayan sa resultang natamo sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng malalim na pag-aaral tungkol sa mga kakayahan sa pagsusuri ng tula.

KEYWORDS : *Tula, Pagsusuri ng Tula, Akda, Ritmo, Tugma, Sukat, Imahen, Kaisipang Pangkasaysayan, Repleksyon .*

I. INTRODUCTION

Sa pagsusuri kailangan ng mahusay at malalimang pagbasa, upang magkaroon ng malawak na komprehensyon ang mga mag-aaral at matutong magsuri sa mga elementong nakapaloob dito, tulad ng: sukat, saknong, tugma, karikitan, talinhaga, anyo, tono/indayog at persona. Sa pag-aaral ni Wang (2016) sa mga stratehiya na ginagamit sa pagbasa at ang perormans sa komprehensyon sa mga matagumpay at di gaanong matagumpay na mambabasa. Lumalabas na may mataas na propisyensi sa wika at may magandang kaalaman. Sa buong pagbabasa, sinubaybayan ang kanilang pagkaunawa sa teksto, nakilala ang mga problema sa pagbabasa at kumuha sila ng pantulong na pagtataya para maayos ang pagkasira ng komprehensyon at paraan ng pagsusuri. Sa kasalukuyang pag-aaral, layunin ng kasalukuyang mananaliksik na malaman ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, sa kasalukuyan makikitang hirap ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng nilalaman at bahagi ng tula, kaya minarapat ng kasalukuyang mananaliksik na gawin itong pag-aaral upang sa gayon ay mapatunayan ang hinaharap na suliranin.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang kakayahan at kahirapan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Taong Panuruan 2020-2021.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na masagot ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral sa sumusunod na element:

- 1.1 Akda;
- 1.2 Ritmo;
- 1.3 Tugma;
- 1.4 Sukat;
- 1.5 Imahen;
- 1.6 Kaisipang Pangkasaysayan; at
- 1.7 Repleksyon?

2. Ano ang karaniwang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula?

3. Anu-ano ang kagamitang pagtuturo ng tula ang ginagamit ng mga guro?

4. May makabuluhang kaugnayan ba ang kakayahan sa Pagsusuri ng tula sa karaniwang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula?

III. PAMAMARAANG GINAMIT AT HAKBANG NA ISINAGAWA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng palarawang pamamaraan o descriptive method. Palarawang pamamaraan sapagkat ang mga datos ay inilalahad kung gaano karami o kalaki ang isang bagay at inilalahad din ang resulta sa pamamagitan ng mga bahagdan. Ang pag-aaral ay isinagawa sa mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, Taong Panuruan 2020-2021. Ang mga tagatugon sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral ng Grade 9 na nag-aaral sa Cabangan National High School ng Zambales na may kabuuan na dalawangdaan at apatnapu't limang (245) mag-aaral. Ang ginamit sa pangangalap ng datos ay sa pamamagitan ng talatanungan. Ang mananaliksik ay gumawa ng liham at humingi ng pahintulot sa kinauukulan ng paaralan. Pagkatapos makahingi ng pahintulot ay papakiusapan ang mga guro ng Filipino na tugunan ng mga mag-aaral ang mga talatanungan at tutulongan ang mananaliksik na personal na pagbibigay ng mga talatanungan sa mga tagatugon. Personal ang gagawing pagsubaybay o paggabay sa pagsagot upang matugunan agad ang mga hindi maintindihan ng mga mag-aaral. At buhat sa mga tugon sa mga talatanungan sinimulan ang pagpoproseso sa mga datos. Ang pagproseso sa mga nakalap na datos ay ginawa ng mananaliksik at ginabayan ng isang eksperto sa istatistika. Ang nakalap na datos sa pananaliksik na ito mula sa mga tagatugon ay isinaayos upang mapabilis at mabigyang-linaw ang pagsusuring istatistiko at masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay dumaan sa ilang prosesong pang-istatistika

IV. PRESENTASYON, INTERPRETASYON AT ANALISIS NG MGA DATOS

1. Ang antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral sa sumusunod na elemento:

Talananayan 1

Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag – aaral ayon sa Akda

Akda		Frequency	Percent
Descriptive Equivalent	Score		
Outstanding	5	38	15.51
Very Satisfactory	4	63	25.71
Satisfactory	3	54	22.04
Fair	2	43	17.55
Did not meet expectation	1	47	19.18
Total		245	100.00
Mean		3.01	Satisfactory

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 3.01 na may katumbas na Satisfactory. Ibig sabihin ang mga mag-aaral ay may kaunting nalalaman sa pagsusuri ng tula ayon sa kung ano ang ibig sabihin ng pamagat ng akdang kanilang nabasa. Ayon sa pag-aaral ni Aguila (2017) maganda ang pagkakaroon ng mga adbokasiya sa pagpapataas ng kasanayan ng mga batang mag-aaral sa pagbasa at makuha ang malalim na interes nila sa mga akdang pampanitikan na inilaan para sa kanila, sa pamamagitan ng pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa, ang gagawing pagsusuri ay madali na lamang sa mga mag-aaral lalo na kung ito ay may kaakibat na pag-unawa sa pahiwatig o nilalaman ng pamagat.

Talananayan 2
Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag – aaral ayon sa Ritmo

Ritmo		Frequency	Percent
Descriptive Equivalent	Score		
Outstanding	5	42	17.14
Very Satisfactory	4	59	24.08
Satisfactory	3	58	23.67
Fair	2	59	24.08
Did not meet expectation	1	27	11.02
Total		245	100.00
Mean		3.12	Satisfactory

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 3.12 na may katumbas na Satisfactory. Ibig sabihin may kaunting kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula ukol sa ritmong pagtataya, kagaya ng pag-aaral na isinagawa ni Angel (2018) lumabas na katamtamang nahahirapan ang mga tagatugon sa pagsusuri ng tono/ritmo, tugma at talinghaga, kaya't Iinumungkahi na bigyan nang sapat na oras ang mga mag-aaral ng mga pagsasanay sa pagsusuri ng tula upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pag-aanalisa ng tula.

Talananayan 3
Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag – aaral ayon sa Tugma

Tugma		Frequency	Percent
Descriptive Equivalent	Score		
Outstanding	5	36	14.69
Very Satisfactory	4	30	12.24
Satisfactory	3	25	10.20
Fair	2	52	21.22
Did not meet expectation	1	102	41.63
Total		245	100.00
Mean		2.37	Fair

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.37 na may katumbas na Fair. Ibig sa bihin may kahinaan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula ayon sa tugmang pagtataya, kagaya ng isinagawang pananaliksik nina Balbacal, Manangkil, Peret, at Salmingo (2013) na may pamagat na “Kakayahan sa Pagsusuri ng maikling kwento at tula ng mga piling mag-aaral sa ikatlong antas ng mgamataas na paaralan ng Lungsod ng Cabuyao. Panuruang Taon :2012-2013, Mahina ang kakayahang pang-kognitibo ng mga mag-aaral buhat sa Cabuyao National High School, Southville1, at Gulod National High School sa larangan ng pagsusuri ng maikling kwento at tula.

Talananayan 4**Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag – aaral ayon sa Sukat**

Sukat		Frequency	Percent
Outstanding	5	39	15.92
Very Satisfactory	4	38	15.51
Satisfactory	3	47	19.18
Fair	2	38	15.51
Did not meet expectation	1	83	33.88
Total		245	100.00
Mean		2.64	Fair

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.64 na may katumbas na Fair. Ibig sabihin mahina ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula ukol sa pagtukoy sa sukat ng tula. Ayon sa pananaliksik na isinagawa ni Suico (2016), “Pagsusuri ng Maikling Kwento at Tula sa Larangan ng Panitikan” ipinapakita na Mahina” o nasa pagitan ng 50 hanggang 60 bahagdan lamang ang antas ng marka ng mga mag-aaral.

Talananayan 5**Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag – aaral ayon sa Imahen**

Imahen		Frequency	Percent
Descriptive Equivalent	Score		
Outstanding	5	33	13.47
Very Satisfactory	4	55	22.45
Satisfactory	3	46	18.78
Fair	2	48	19.59
Did not meet expectation	1	63	25.71
Total		245	100.00
Mean		2.78	Fair

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.78 na may katumbas na Fair. Ibig sabihin mahina ang pagsusuring isinagawa ng mga mag-aaral ukol sa imahen ng tulang kanilang ginawan ng pagsusuri. Ang epektibong pagbuo at paggamit ng imahen ay isa sa mga paksang karaniwang inaaral ng mga bagong manunulat. Ang imahen ay salita at pahayag na nag-iiwan ng kongkreto at malinaw na larawan sa isipan ng mga mambabasa. Hindi lamang ito tungkol sa simpleng paglalarawan ng isang tao, bagay, o pangyayari. Ito ay paglalarawang nagbibigay-kulay sa inilalarawan at bumubuhay sa naratibo. Idinisenyo ang imahen upang paigtingin ang paningin, pang-amoy, pandinig, panlasa, at pandama ng mambabasa. Masasabing mahusay ang pagbuo at paggamit ng imahen kapag nadadala ang mambabasa sa mundo ng tula o kuwentong binabasa (HUMMS, 2020).

Talananayan 6**Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag – aaral ayon sa**

Kaisipang Pangkasaysayan		Frequency	Percent
Descriptive Equivalent	Score		
Outstanding	5	43	17.55
Very Satisfactory	4	66	26.94
Satisfactory	3	61	24.90
Fair	2	32	13.06
Did not meet expectation	1	43	17.55
Total		245	100.00
Mean		3.14	Satisfactory

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 3.14 na may katumbas na Fair. Ibig sabihin mahina ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula sa diwang nais ipabatid ng akda, ang kaisipang pangkasaysayan ay ang diwa o isipan ng isang katha na napakahalagang nilalaman ng isang akda, marahil kinakailangan paunlarin ang sariling kakayahan at kasanayan sa pagsusuri mga akda, gaya ng pag-aaral na isinagawa ni Fernandez (2011), ang pansariling salik ng mga mag-aaral ay isa rin sa salik na nakaapekto sa sa pagsusuri ng isang akda, isang salik sa pagkatuto batay sa isang kaligirang natural, kaayusang pisikal, sitwasyunal at instroksyunal ng mag-aaral.

Talahanayan 7
Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag – aaral ayon sa Repleksyon

Repleksyon		Frequency	Percent
Descriptive Equivalent	Score		
Outstanding	5	40	16.33
Very Satisfactory	4	37	15.10
Satisfactory	3	63	25.71
Fair	2	55	22.45
Did not meet expectation	1	50	20.41
Total		245	100.00
Mean		2.84	Fair

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.84 na may katumbas na Fair. Ibig sabihin nahirapan ang mga mag-aaral sa pagsuri ng tula pagdating sa repleksyong pagtataya, mahina sa pagsusuri ng kuro- kuro at pansariling kaisipan batay sa akdang nabasa. Sa isinagawang pananaliksik ni Salameh (2012), mahigit na 40% porsyinto na mayroong mababang antas sa pagsusuri ng retorika, at tayutay. Lumabas na mahina ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa talinghaga ng tula dahil ayon sa kanila, kailangang nangtataglay ng malawak na pag-iisip ang isang indibidwal at lubos na maunawaan ang talinghagang taglay ng isang tula upang sa gayon ay mapagninilay-nilay ang mga natutunan sa tula at mapag-isipan nang malalim ang nilalaman nito at malagom ayon sa repleksyon ng tula.

2. Karaniwang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula.

Talahanayan 8
Kahirapan ng mga Mag – aaral sa Pagsusuri ng Tula

	Index	Difficulty Level	Ranggo
Tugma	0.44	Medyo Madali	1
Imahen	0.54	Medyo Madali	3
Sukat	0.51	Medyo Madali	2
Repleksyon	0.56	Medyo Madali	4
Akda	0.59	Medyo Madali	5
Ritmo	0.62	Madali	6.5
Kaisipang Pangkasaysayan	0.62	Madali	6.5
Kabuuan	0.55	Medyo Madali	

Sa kabuuang *index* ay nakakuha ng 0.55 na may katumbas na Medyo Madali. Ibig sabihin sa kabuuang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula ay katamtamang nahihirapan ang mga mag-aaral, maraming mga balakid ang nakaapekto sa kanilang pag-aanalisa o pagsusuri sa tula, kaya nga napakalaking tulong ng guro, magulang, kaibigan at nang kapwa sa pagbibigay gabay sa pag-aaral ng mag-aaral. Maituturing din ang kagamitang pampagtuturo bilang isang mahalagang ambag sa pagbibigay at pagpapalawak ng kaalaman ng mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Ayon kay Pajarillo (2010), ang kagamitang pampagtuturo ay bagay na ginagamit ng guro bilang pantulong sa paghahatid ng mga katotohanan, kasanayan, saloobin, kaalaman, palagay, pang-unawa at pagpapahalaga sa mga mag-aaral upang lalong maging kongkreto, tunay, daynamik at ganap ang pagkatuto.

3. Kagamitang pagtuturo ng tula na ginagamit ng mga guro.

Talahanayan 11
Kagamitang Pagtuturo ng Tula na Ginagamit ng mga Guro

Kagamitang Pampagtuturo	AWM	DE	Rank
Batayang aklat	3.23	Lubos na ginagamit	1
Modyul	3.16	Ginagamit	2
Banghang aralin	3.00	Ginagamit	3
Manwal na guro	2.84	Ginagamit	4
Worksheets at workcard	2.82	Ginagamit	5
Artikulo	2.81	Ginagamit	6
Pahayagan	2.76	Ginagamit	7
Workbook	2.68	Ginagamit	9
Dyurnal	2.75	Ginagamit	8
Kopya ng balangkas	2.66	Ginagamit	10
Hand outs	2.58	Ginagamit	11
Pamplets	2.56	Ginagamit	12
Silabus	2.36	Hindi gaanong ginagamit	13
	2.79	Ginagamit	

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.79 na may katumbas na Ginagamit. Lumalabas na ang pinakagamiting gamit ng mga guro sa pagtuturo ng tula ay ang batayang aklat at modyul, ibig sabihin ang batayang aklat at modyul ang pinakaimportanteng gamit sa pagtuturo, isa sa naging bahagi ng pag-aaral ni Ramirez (2015) na sinasabing ang kagamitang panturo ay isa sa pinakamahalagang instrumento sa pagtuturo sapagkat ito ay isa sa mga kailangan upang mas lalong matuto ang mag-aaral, at upang malaman nila kung ano talaga ang kanilang dapat pag-aralan.

4. Makabuluhang kaugnayan ng kakayahan sa Pagsusuri ng tula sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula.

Lumalabas sa istatistikong analisis na may mataas na kaugnayan ang antas ng kakayahan sa karaniwang kahirapan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9, ipinakita na may nakompyut na pearson-r value na 0.99 na mas mataas sa significant correlation na 0.01 level. Ibig sabihin ang pagkakaroon ng kaalaman ng mag-aaral sa pagsusuri ng tula ay may kaugnayan sa kung paano ito mahirapan sa pagsusuri ng tula

Talahanayan 12

Makabuluhang kaugnayan sa Antas ng Kakayahan at Kahirapan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag – aaral

Source of Correlation		Kahirapan	Kakayahan	Decision/ Interpretation
Kahirapan	Pearson Correlation	1	0.99**	Mataas ang kaugnayan
	Sig. (2-tailed)		0.00	
	N	245	245	
Kakayahan	Pearson Correlation	0.99**	1	Hindi Tanggap ang Walang bisang pala-palagay Makabuluhan
	Sig. (2-tailed)	0.00		
	N	245	245	
**. Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed).				

Samantalang lumalabas na hindi tanggap ang walang bisang pala-palagay at may makabuluhang kaugnayan ang ang mga baryabols na ginamit sa pag-aaral dahil sa ipinakitang nakompyut na pearson –r value na 1 na mas mataas pa sa significant correlation na 0.01 level. Ibig sabihin walang makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pagsusuri sa karaniwang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. ang Ang isang mag-aaral na lumaking may pagtitiwala at pagsusuri ng tula ay maaring magamit sa kakayahang maiugnay sa iba pang literature at sa sariling karanasang pampagkatuto (Stickling, Prasun, & Olsen, 2011), sa madaling salita ang pagkakaroon ng kamalayan kung paano matutong magsuri ay magiging madali na lamang ang pag-aanalisa ng mga akda kagaya ng tula at ang kahirapang nabanggit ay mabibigyang pagkakataon mawala at mapalitan ng pag-unlad sa perormans.

V. CONCLUSION

Satisfactory ang antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral ayon sa akda at ritmo, at Fair sa tugma, sukat, imahen, kaisipang pangkasaysayan, at repleksyon. Medyo madali ang karaniwang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Ang batayang aklat ang kagamitang pagtuturo ng tula na ginagamit ng mga guro. May makabuluhang kaugnayan ang antas ng kakayahan sa karaniwang kahirapan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9, Samantalang lumalabas na hindi tanggap ang walang bisang pala-palagay at may makabuluhang kaugnayan ang mga baryabols na ginamit sa pag-aaral. conclusion section must be included and should indicate clearly the advantages, limitations, and possible applications of the paper. Although a conclusion may review the main points of the paper, do not replicate the abstract as the conclusion. A conclusion might elaborate on the importance of the work or suggest applications and extensions.

VI. RECOMMENDATIONS

Satisfactory ang lumabas na resulta ng pag-aaral sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula kaya't nararapat na bigyan nang sapat na gawain ang mga mag-aaral at magbigay ng mgaistratehiya paano kung paano magsuri ng tula. Medyo madali ang karaniwang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula para sa mga guro lalo pang paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay katuturan sa sa pagsusuri ng tula ayon sa akda, tugma, sukat, imahen, kaisipang pangkasaysayan at repleksyon. Ang batayang aklat ang kagamitang pagtuturo ng tula na ginagamit ng mga guro ayon sa kasalukuyang pag-aaral kaya't magsagawa pa ng makabuluhang kagamitang pampagtuturo na nakapokus sa Kopya ng balangkas, Hand outs, at Pamphlets na makakatulong upang mapaunlad ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Maaaring magsagawa pa ng higit na mas malalim na pag-aaral na magpapakita ng kaugnayan sa resultang natamo sa pag-aaral na ito.

REFERENCES

- [1] Wang, Y.-H. (2016). Reading strategy use and comprehension performance of more successful and less successful readers: A think-aloud study. *Educational Sciences: Theory & Practice*, 16, 1789–1813.
- [2] Aguila, Christine Joy (2017). Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan. <http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/380>.
- [3] Angel, Daryl Jim R. (2018). Mga Salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng Tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 11 Humanities and Social Sciences ng Ramon Magsaysay Technological University, Taung Panuruang 2017-2018.
- [4] Suico, Lenie S. (2016). <https://www.scribd.com/document/326482288/1-Pagpapalawak-Ng-Kakayahan-Sa-Pagsusuri-Ng-Maikling-Kwento-at-Tula>
- [5] HUMMS, (2020). <https://www.humss.net/imahen-tayutay-at-diksiyon/>.
- [6] Fernadez (2011). <http://www.slideshare.net/lourise/research-paper-in-filipino>.
- [7] Salameh(2012), https://www.academia.edu/2421622/Some_problems_students_face_in_studying_English_poetry_in_Jordan_a_corpus-driven_study_of_students_responses.
- [8] Pajarillo(2010), http://www.academia.edu/34747890/Kakayahansa_Pagsusuri_ng_indi_film_ng_mga_magaaral_sa_Ikasampung_Baitang
- [9] Ramirez, Charo Grace Burabod (2015). Mga kagamitang panturo na ginagamit sa pagtuturo ng Grade 7 sa kurikulum sa paaralan ng Jamorawon National High School, Munisipyo ng Milagros, Masbate https://www.academia.edu/33952258/FINAL_THESIS
- [9] Stickling, S., Prasun, M., & Olsen, C. (2011). Poetry: What's the sense in teaching it? *Illinois Reading Council Journal*, 39(3), 31-40.